THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "NAMANGHA"

By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
Setyembre 29, 2021

Walang alinlangan na namangha ang mga tao sa mga ginawa ni Jesus dito sa sanlibutan. Manghang-mangha ang Kanyang mga alagad na kasa-kasama Niya sa maraming pagkakataon. Ang natuyong puno ng igos, paglalakad sa ibabaw ng tubig, pagpapagaling sa isang paralitiko, pagbuhay muli sa patay, at ang Kanyang paraan ng pagtuturo ay mga halimbawa ng mga pagkakataong namangha ang Kanyang mga alagad. Ngunit, may mga pagkakataon din na namangha si Jesus. Sa bawat pagkakataon, pananalig ang pokus ng Kanyang pagkamangha.

**1. Mga pagkakataong namangha si Jesus:**

- Namangha Siya sa pananalig ng babaing dinudugo (Lk. 8:43-48).
- Nagtaka Siya dahil hindi sumasampalataya ang Kanyang mga kababayan (Mk. 6:6).
- Namangha Siya sa pananalig ng Romanong Senturyon (Mt. 8)

**2. Ang pananalig ng senturyon (Mt.8)**

Nang matapos mangaral sa bundok, bumalik si Jesus sa Capernaum kung saan sinalubong Siya ng kapitang Romano at nakiusap na pagalingin ang kanyang aliping may sakit. Namangha si Jesus sa kanyang napakalaking pananalig.

**2.a Ang nakita ni Jesus:**

- Nakiusap siya kay Jesus. Maaari namang sapilitan siyang mag-utos dahil sa kanyang katayuan, ngunit sinabi niya lamang ang kondisyon ng kanyang alipin.
- Maawain siya sa kanyang alipin.
- Magalang siya. Isa siyang Romano habang si Jesus ay isang Hudyo; hindi kailangang maging magalang ang isang Romano sa isang Hudyo noong panahong iyon.
- Pinarangalan niya si Jesus. Tinawag niya si Jesus na Panginoon.
- Hindi niya pinilit si Jesus na pagalingin ang kanyang alipin. Sinabi lang niya na nakaratay ang kanyang alipin at nahihirapan.
- Siya ay mapitagan at maginoo.
- Kinilala niya ang kapangyarihan ni Jesus. Alam niyang may kapangyarihan ang salita ni Jesus.

**2.b. Ang tugon ni Jesus: "Paroroon ako at pagagalingin siya"** (Mt. 8:7).

Bakit ito pambihira:

- Bawal ang sinumang Hudyo ang pumasok sa bahay ng hindi Hudyo.
- Maaari namang pagalingin ni Jesus ang alipin ng Senturyon mula sa malayo.
- Hinatulan ni Jesus ang Capernaum dahil hindi sila nagsisi at tumalikod sa kanilang mga kasalanan bagamat maraming kababalaghan ang ginawaa ni Jesus (Mt. 11:23-24).
- Mahal ni Jesus ang lahat ng tao, pati ang mga Romano.

**3. Namangha si Jesus (Mt.8:10).**

- "Hindi kinalulugdan ng Diyos ang hindi nananalig sa Kanya" (Heb. 11:6).
- "Sa Diyos mo hanapin ang kaligayahan, at ang pangarap mo'y iyong makakamtan" (Awit 37:4).

**Konklusyon:**

Walang hangganan si Jesus. Ibinunyag Niya ang puso ng Ama, pusong hindi makasarili, mainggitin, o maramot. Hindi nasusukat si Jesus sa panahon, araw o bagay. Natutuwa si Jesus kung ang mga tao ay lumalapit sa Kanya nang may pananalig. Ang pananalig ay ikinararangal ng Diyos at ang Diyos ay ikinararangal ng pananalig. Kung lumalapit tayo kay Jesus tuwing may pangangailangn, malugod Niya tayong tutulungan. Kahit di pa tapos ang ating dalangin, ibibigay na ng Diyos ang ating hinihiling (Isa.64:24).

**Pagninilay:**

Naniniwala ka bang maililipat mo ang bundok?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials